# Presyo

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Marso 05, 2022

Ang kwento ni Hudas ay nakatatakot. Ipinagkanulo niya ang taong malapit sa kanya. Ipinagbili niya si Hesus sa 30 pirasong pilak (Mateo 26:14-16). Sa kasalukuyang panahon, naranasan din nating ipagkanulo ng ating pamilya o mga kaibigan. Taliwas nito, maari rin nating ipagkanulo si Hesus. Magkano natin Siya ipagbibili? Ipinagpalit ba natin Siya sa pera, kasikatan, o kasiyahan? Tandaan, hindi natin Siya kayang bayaran, dahil buhay Niya ang ipinambayad para maligtas tayo.

**1. Sino si Hudas?**

1.1. Sa lahat ng mga alagad, si Hudas ang may mataas na posisyon - siya ang ingat - yaman, tagapamahala ng pera para sa ministeryo.

1.2. Siya ay masigasig at pinangunahan niya ang mga Hudyo sa makapangyarihang paraan.

1.3. Isa siyang mag-aaral na sumunod kay Hesus ng mahigit tatlong taon, at nakita niya ang kapangyarihan si Hesus. Gayunpaman, pinahintulutan niyang makapasok ang demonyo sa kanyang puso.

1.4. Tulad ni Hudas, tayong mga Kristiyano, lalo't higit ang mga lider ay kailangang magkaroon ng malinis na puso at panatilihin ang ugnayan sa Diyos

**2. Alam ni Hesus ang puso ni Hudas at ang lahat ng alagad.**

2.1. Pinili sila ni Hesus, mga simpleng tao na ginawa Niyang mga lider (Gawa 2:1-4). Nakita nila ang mga tanda't himalang ginawa ni Hesus. Alam ni Hesus na isa sa kanila ang magkakanulo sa Kanya.

2.2. Tayo rin ay pinili para magpuri sa Kanya. Sinuman ang tumatanggap sa Kanya bilang Diyos at Tagapagligtas ay tinatanggap Siya bilang Hari at Panginoon, at Siya ang may kontrol sa ating lahat.

2.3. Ang Diyos ay mabait at puno ng awa, at banayad kung magalit. Ngunit, palaging may kaakibat na pananagutan.

**3**. **Ang pagtataksil ni Hudas.** May mga tao pa rin ngayon na kagaya ni Hudas, natutukso na ipagkanulo si Hesus.

3.1. Si Hudas ang napili upang ihayag ang kasamaan ng tao (Hebreo 4:12). Siya ay mapagkunwari. Nakita ito noong tumutol siyang ibuhos ni Maria ang mamahaling pabango sa paa ni Hesus (Juan 12:1-6). Kunwari'y gusto niyang ipagbili ang pabango upang ipamigay ang pera sa mga dukha. Ngunit ang totoo niyang dahilan ay gusto lamang niyang makuha ang pera para sa kanyang kapakinabangan. Ang mga sinasabi niya ay taliwas ng kanyang iniisip.

3.2. Pinili si Hudas upang matupad niya ang banal na kasulatan. Sa Huling Hapunan, nangusap si Hesus na isa sa mga alagad ang magkakanulo sa Kanya (Mt. 26:21). Nagtanong si Hudas kung siya nga ang tinutukoy (Mateo 26:25).

3.3. Tinanggap ni Hudas ang 30 pirasong pilak mula sa Punong Pari at nanguna sa pagpunta sa halamanan kung saan lagging nagdadasal si Hesus (Mateo 26:14). Nilapitan niya si Hesus at hinagkan, pagbibigay hudyat na Siya ang kanilang pakay (Mateo 26:49).

4. Sa pinakita ni Hudas, ang pagtalikod ng mga Kristiyano ay hindi kaagad –agad.

4.1. Nagsisimula sa maliit. Binibigyan tayo ng demonyo ng dahilan upang tumigil tayong magdasal: katamaran, pagpapaliban, pagiging abala,at iba pa.

4.2. Huwag nating sisihin ang iba sa ating pagtalikod. Kapag tayo ay natutukso, hinayaan nating manaig si satanas sa atin.

**Konklusyon:**

Pansamantala lamang ang lahat. Huwag nating pabayaang mawala ang pagkakataong sumunod sa Diyos. Mataas ang presyo ng paglilingkod sa Diyos. Ano nga ang mapapala ng isang tao, makamtan niya ang buong daigdig kung ang katumbas naman nito'y ang kanyang buhay (Mateo 16:26)?

**Pagninilay:**

1. Tinanggap mo na ba si Hesus bilang iyong tagapagligtas at Diyos?
2. Ano ang mag-uudyok sa iyo upang tumalikod sa Kanya? Ito ba'y kayabangan, salapi, kasikatan, pamilya?
3. Paano mo masisiguro na palagi kang totoo sa Kanya?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Pagsunod #Tukso